PANALANGIN NG

# Pagsisisi

BATAY SA

## Isaias 1:16–17

*Linisin ninyo ang inyong sarili*
*at magbalik-loob sa akin;*

*sa aking harapan,*
*kasamaan ninyo'y inyong tigilan.*

*Pag-aralan ninyong gumawa ng makatuwiran;*

*pairalin ang katarungan;*
*tulungan ang naaapi;*

*ipagtanggol ninyo ang mga ulila,*
*at tulungan ang mga biyuda.*



**Rev. Anna Layman Knox**
***Community Pastor of Camp Hill UMC***
***GCORR Board Member***
*Camp Hill, PA*

## *Panginoon, napakatagal na kami ay naglakad sa direksyon ng pang-aapi.*

Alam namin ang iba't-ibang hakbang na ibinigay Mo sa amin upang gawin, gayunpaman, nakikibaka kaming matanggap ang Iyong tulong, habang hinahangad Mo ang pagpapalaya para sa bawat tao at komunidad na nilikha sa Iyong imahe.

Hesus, napakatagal na kami ay naglakad sa direksyon ng kasamaan.

Alam namin ang iba't-ibang hakbang na ibinigay Mo sa amin upang gawin, gayunpaman, nakikibaka kaming humakbang sa pagbuhos ng Iyong naglilinis na biyaya na naghahanda sa aming gawin ang Iyong kabutihan.

Banal na Espiritu, napakatagal na kami ay naglakad sa direksyon ng kawalan ng katarungan.

Alam namin ang iba't-ibang hakbang na ibinigay Mo sa amin upang gawin, ang paghahanap ng hustisya kasama ang mga taong walang nagtatanggol, mga taong nasaktan at mga taong patuloy na isinasantabi.

Turuan kaming muli sa panahong ito na lumiko sa bagong direksyon.

Tulungan kaming matuto at mamuhay ng tunay na pagbabago ng puso at isip...para ang aming mga paa ay habang-buhay na muling manumbalik sa landas na hindi lamang hahantong sa pagwawakas sa rasismo – ngunit sa mga bagong paraan ng pagbuo ng Iyong minamahal na komunidad, kung saan Mo kami nilikha mula sa simula pa lamang.

Mangyari nawa.



**Juliet Nabukalu**
*ng Kampala, Uganda,*
***ay coordinator ng women's ministries, kapwa para sa East Africa Annual Conference at para sa kanyang kongregasyon, Kireka United Methodist Church.***

## *Kami ay Isang Tribo, Isang Lahi.*

Panginoon, nilikha Mo kami ayon sa Iyong sariling imahe at minahal kami anuman ang aming lahi at tribo. Sinabi Mo sa 1 Juan 44:20, "Kung sinasabi ng isang tao, 'Iniibig ko ang Diyos,' ngunit napopoot naman sa kaniyang kapatid, siya ay sinungaling. Ito ay sapagkat kung hindi niya iniibig ang kaniyang kapatid na kaniyang nakikita, paano niya maiibig ang Diyos na hindi niya nakikita.'"

Humihingi kami ng kapatawaran, mahal na Panginoon, dahil nagsinungaling kami sa aming mga kapatid, sa pagsasabing mahal namin sila ngunit, sa katunayan, kami ay nagkahiwalay. Mahal na Hesus, tulungan Mo kaming mahalin ang isa't-isa anuman ang lahi o tribo. Turuan Mo kaming magmahal ng walang kondisyon. Turuan Mo kami upang malaman na sa pamamagitan ni Hesukristo kami ay isang tribo, isang lahi at iisa kay Kristo.

Nagpapasalamat kami, Panginoon, na una Mo kaming minahal. Nawa'y ang Iyong biyaya ay magawa kaming mahalin ang isa't-isa. Sa pangalan ni Hesukristo kami ay nananalangin. AMEN.



**Kristopher Sledge**
***Pangunahing Pastor***
***The Journey Church***
***Harrisburg, PA***

***Diyos ng biyaya, kinikilala namin ang aming pangangailangan para sa pagsisisi.***
Araw-araw, nakikita namin ang mga epekto ng aming kasamaan, pagkamakasarili at poot na nagpapakita sa nakapipinsala at nakasasamang paraan. Habang naririnig namin ang nakakakilabot na mga detalye ng mga bagong trahedya ng rasismo at poot sa mundo na kumitil sa mga buhay at puminsala sa Iyong minamahal na komunidad, iniisip namin kung kailan titigil ang sangkatauhan sa pagsira sa sarili nito.

Ano ang kailangan, Banal, upang isaalang-alang namin ang lahat ng buhay na mahalaga at karapat-dapat protektahan? Kailan hindi makakamit ng karahasan at kasamaan ang huling salita, Diyos ng kapayapaan? Pukawin sa amin ang dapat na pagsisisi upang ipahayag nang malakas at malinaw na ang di-malikhaing paggamit ng puwersa ay direktang paglabag sa karapatang pantao.

Mapagmahal, kapag kami ay natutuksong magmungkahi na ang poot ay nangyayari lamang sa iba, ipaalala sa amin sa Iyong malumanay na paraan na ang poot, kasamaan at karahasan ay nagsisimula sa aming sariling mga puso. Diyos ng pang-unawa, patawarin Mo kami sa hindi namin pagtrato sa aming kapwa at pamayanan nang may lubos na paggalang at karangalan.

Habang inilalatag namin ang aming sariling galit at mga estereotipo, ituro sa amin ang lumang gawaing pag-alam ng mga pangalan ng aming mga kapit-bahay at miyembro ng komunidad na iba ang pagtingin, pag-iisip at pagboto kaysa sa amin. Tulungan kaming alamin ang kanilang mga pangalan. Tulungan kaming pakinggan ang kanilang mga kwento. Tulungan kaming bumuo ng mga tulay na may magkakaibang grupo ng mga tao sa aming mga kapitbahayan at pagtagumpayan ang anumang pagkiling na maaaring mayroon kami. Sa pagsisisi sa aming sariling mga estereotipo, ipakita sa amin kung paano gumawa ng kabutihan para sa lahat ng Iyong minamahal na mga anak, Diyos ng lahat.



**Rev. Dr. Laura Norvell**
*Pastor at Faith UMC*
*Rockville, MD*

***Panginoon, gumagawa***
***ako ng puwang araw-araw***
***Upang sanayin***
***ang aking katawan,***
***Upang sanayin***
***ang aking kabanalan,***
***Upang sanayin***
***ang aking isip.***
Gumagalaw ako.
Nagdadasal ako.
Nagbabasa ako.
Kumakain ako ng maraming gulay.
Nagmumuni-muni ako.
Naghahanap ako ng
mga bagong karanasan.
Dahil nais kong maging
malusog at buo at matalino.

Ngunit ang totoo, para kanino ba
talaga ang trabahong iyon? Para saan?
Kaninong buhay ang mas
mabuti para doon?
Sino ang aking pinaglilingkuran
Habang nagsusumikap ako
para sa pagpapabuti ng sarili?

Kung sasabihin kong mahalaga
ang buhay ng kulay itim na balat
Kung sasabihin kong mahalaga
ang buhay ng kayumanggi
Kung sasabihin kong mahalaga
ang imigrante at ang ulila
Kung sasabihin kong ang Diyos ay
katarungan at biyaya at kabutihan...
Kung gayun ay kailangan
kong gawin ang trabaho.
Sanayin ang kalamnan.
Paunlarin ang disiplina.

Araw-araw
Sa bawat sandali
Kailangan kong matuto.
Kailangan kong gawin ang trabaho.
Kailangan ko ng mga pag-uulit
Ang ensayo.
Ang pag-eehersisyo.
Ang pawis.
Ang paggawa.

Lumiliko, lumalaki, nakikita
Paglilingkod, pag-alam, pagpapalaya

Tulungan Mo akong tumigil sa
pagiging walang kwentang ingay.
Tulungan Mo akong tumigil sa
pagiging walang saysay na tunog.
Sa halip ay tulungan Mo ako
Upang maging mag-aaral at taga-gawa
Mangingibig at manlalaban.
Gawin Mo ako bawat araw bilang
Ang kamalayan,
Ang saksi,
Ang gawain.

Ang gawain
Upang humanap ng hustisya.
Upang iligtas ang mga inaapi.
Upang ipagtanggol ang ulila
At upang makiusap para sa balo.

Panginoon, pakiusap.
Sa pagliko ko,
Sa pagliko ko,
Iliko ako
Patungo sa hustisya
Patungo sa awa
Patungo sa pagkakasundo
Patungo sa kaalaman
Patungo sa paglago
Patungo sa pagiging
Patungo sa Iyo.

Mangyari nawa.
Amen.



**Pamela Hammond McDavid, Ph.D.**
*Laity*
*Springfield, IL*

***Diyos ng Katarungan na lumikha ng lahat ng tao, nang walang pagbubukod sa Iyong imahe, palayain kami mula sa Kasalanan ng Rasismo at Tribalismo.***

Palakasin ang aming Pananampalataya upang madaig ang takot ng rasismo at tribalismo upang magkaroon kami ng pang-unawa at matanto ang mapaminsalang epekto ng rasismo at tribalismo sa mga tao.

Buksan ang aming mga mata upang matanto ang dignidad at halaga ng bawat tao.

Buksan ang aming mga tainga upang marinig ang mga daing ng mga nasugatan sa diskriminasyon ng lahi at tribo at ang kanilang panaghoy para sa pagbabago.

Buksan ang aming mga puso upang magsisi sa puno ng poot na mga saloobin, pag-uugali at pananalita na nagpapababa sa iba.

Magsisi tayo sa hindi sapat na paggawa upang magsalita – para sabihing, "Hindi! Hindi yan tama!"

Sa Iyong awa at habag, sumama sa amin habang ipinagpapatuloy namin ang aming paglalakbay sa pagpapagaling upang lumikha ng hinaharap na makatarungan at pantay. Panginoon, Ikaw ang aming pag-asa. Kung wala Ka, walang magbabago. Bigyan kami ng lakas ng loob at pagnanais na ipakita ang pag-ibig na tulad ni Kristo. Bigyan kami ng kasangkapan upang magsalita at kumilos nang may pagmamahal para sa lahat ng tao at magtrabaho sa bawat aspeto ng buhay upang maalis ang lahat ng rasismo at tribalismo.

Salamat Panginoon sa Iyong awa at biyaya. Itinataas namin ang panalanging ito para sa lahat ng etniko, tribo at bansa upang mamuhay nang payapa. Amen.



**Vince Gonzales**
*Laity*
*GCORR Board*
*COB Ecumenical*
*Representative*
*Princeton, Texas*

***Tagapaglikha, nasaktan Ka namin sa pamamagitan ng aming mga salita at kilos.***

Nabigo kaming mamuhay nang matuwid. Ibinato namin ang aming personal na paghatol sa iba habang binabalewala ang Iyong katarungan. Tulungan Mo kaming gawin ang tama, hanapin ang hustisya para sa inaapi, pangalagaan ang ulila, balo, bilanggo at mga inaapi sa ibang paraan.

Tulungan Mo kaming itigil ang paggawa ng masama habang binibigkas namin ang Iyong Pangalan. Nawa'y lubos naming tanggapin ang kaloob na Iyong Anak, si Hesukristo, upang kami ay malinis; katawan, isip, kaluluwa at espiritu. Ang lahat ng mga bagay na ito ay aming hinihiling sa Kanyang pangalan. Amen.



**Rev. Zach Anderson**
*District Superintendent*
*GCORR Board Member*
*Great Plains Conference*
*Dodge City, KS*

***Diyos ng biyaya at Diyos ng katarungan, itinataas ko ang aking mga paningin sa Iyo sa araw na ito.***

Napakaraming halimbawa ng sangkatauhang nabigo na itaguyod ang Iyong pananaw sa minamahal na komunidad. Ang aming mundo ay naglalaman ng napakaraming sistema, organisasyon at istruktura na naghihiwalay sa Iyong nilikhang tao. Sa lahat ng "malalaking" bagay na ito na nagiging sanhi upang maramdaman ng Iyong minamahal na mga anak ang hindi pagkakapantay, hindi iyon ang pagsisising inilalapit ko sa Iyo ngayon na nais ipahayag. Narito ako, O Lumikha, upang magsisi sa mga paraan na ako ay kasabwat sa pagsusulong ng mga sistema at istrukturang rasismo sa aking paligid. Nagsisisi ako sa mga microaggression at tahasang rasismo na inilalarawan ko sa aking pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Diyos ng lahat ng nilikha, kinikilala ko at nagsisisi na hindi sapat na sabihing, "Ako ay kontra sa rasismo," ngunit kailangan kong mamuhay ng may pagsisisi sa buhay na kinakatawan ang sinasabi ng aking bibig.

Diyos ng pag-ibig, patawarin Mo ako sa lahat ng paraan na nagkulang ako sa gawaing pagtatanggal ng rasismo sa aking komunidad at buhay. Ibigay Mo sa akin ang Iyong Espiritu sa araw na ito, upang magkaroon ako ng lakas ng loob na hindi lamang magsisi sa Iyo, O Diyos, kundi sa mga nasaktan ko sa aking mga kilos at salita. Tulungan Mo akong makita kung paano napinsala ng kasiyahan at kawalang-interes ang aking mga kapatid na naghahangad na mabuhay sa mundong malaya sa kapootang panlahi, at ipahayag ang aking pagkakasangkot sa mga pagkilos na ito. Nawa ang panalanging ito ng pagsisisi ay maging tuluy-tuloy na paraan ng pamumuhay para sa akin mula sa araw na ito at nawa'y ang Iyong malikhaing pananaw para sa sangkatauhan ay magtulak sa akin upang mas makisali sa gawaing pagtatanggal ng rasismo sa aking mga lugar ng impluwensya. Sa sakripisyong pag-ibig ni Kristo ako ay nagdarasal. Amen.